
8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 15: Pananagutang Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikawalong Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 15: Pananagutang Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kwento, seleksyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand name*, tatak o *trademark*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Judith E. Ecoben, Jezzine F. Salar, Rashiel Joy F. Lepaopao, Megie M. Lillo, John Rey C. Clarion |
| **Editor:** | Emelinda L. Raza, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagasuri:** | Elizabeth M. Ysulan, Megenila C. Guillen, Imelda A. Grumo, Michael C. Paso, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagaguhit:** | Alim V. Eviota, Mark Lorenz C. Luib, Merlinda W. Malimit, Jay S. Mateo, Adonis P. Umipig, Jubell C. Cababat, Gilbert H. Japay |
| **Tagalapat:** | Nerissa G. Ga, Mark Lorenz C. Luib |
| **Tagapamahala:** | Francis Cesar B. Bringas<br>Isidro M. Biol Jr.<br>Maripaz F. Magno<br>Josephine Chonie M. Obseňares<br>Lope C. Papeleras<br>Michael C. Paso<br>Juan Jr. L. Espina |

**Inilimbag sa Pilipinas ng:**

**Department of Education - Caraga Region**

Office Address: Teacher Development Center
J.P. Rosales Avenue Butuan City, Philippines 8600
Telefax No.: (085) 342-5969
Email Address: caraga@deped.gov.ph

# 8

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Unang Markahan – Modyul 15: Pananagutang Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya

# Paunang Salita

Para sa Tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 15 para sa Aralin 1 – Pananagutang Panlipunan at Pampulitikal ng Pamilya!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to 12 habang kanilang pinagtatagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pang-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:



***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa Mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao 8 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul 15 para sa Aralin 1 - Pananagutang Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya!

Ang kamay ay madalas gamiting simbolo ng kakayahan, aksyon at layunin. Sa pamamagitan ng ating mga kamay tayo ay maaaring matuto, lumikha, at magsakatuparan ng mga gawain. Ang kamay sa tulong-aral na ito ay sumisimbolo na ikaw, bilang isang mag-aaral, ay may angking kakayahang matutuhan ang mga kaugnay na kompetensi at kasanayan. Ang iyong pang-akademikong tagumpay ay nakasalalay sa iyong sarili o sa iyong mga kamay.

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |

***Isaisip*** — Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin.

***Isagawa*** — Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.

***Tayahin*** — Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Karagdagang Gawain*** — Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin.

***Susi sa Pagwawasto*** — Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

***Sanggunian*** — Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutan ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutan lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutan ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong mga magulang, sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.


Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

# *Alamin*

Ang pagiging mabuting mamamayan ay nagsisimula sa loob ng pamilya sapagkat ito ang lunduyan ng mga pagpapahalagang pang-sosyal at pampolitikal na sangkap upang magkaroon ng isang mapagkalinga at mapanagutang lipunan. Maaari itong magsimula sa isang simpleng tungkulin, halimbawa, pagiging masipag at masunurin sa mga magulang, pagtulong sa mga gawaing-bahay at pag-aaral nang mabuti para makaahon sa estado ng buhay. Bukod dito, maaari rin tayong maging aktibo sa ating komunidad sa pamamagitan ng pagsasaliksik tungkol sa mga isyung pulitikal para maging maalam tayong indibidwal. Gayunpaman, kung ang mga simpleng tungkulin ay buong puso nating nagagampanan, hindi maikakaila na tayo ay magiging isang mabuti at kapaki-pakinabang na mamamayan.

Sa modyul na ito ay malilinang ang kasanayang pampagkatuto na:

a. Nahihinuha na may pananagutan ang pamilya sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan sa pamamagitan ng pagtulong sa kapitbahay o pamayanan (papel na panlipunan) at pagbabantay sa mga batas at institusyong panlipunan (papel na pampolitikal).
(EsP8PB-Ih-4.3)



## *Subukin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Ano ang pangunahing kontribusyon ng pamilya sa lipunan?
   A. pananampalataya
   B. pagbibigay galang
   C. pakikibahagi at pagbibigayan
   D. isipin ang pansariling kapakanan

2. Bakit kailangan ng pamilya ang makipag-ugnayan sa ibang pamilya at sa iba pang sektor ng lipunan?
   A. upang magparami
   B. upang hihingi ng tulong
   C. upang umunlad ang buhay
   D. upang mapadali ang buhay

3. Paano maipakikita ng pamilya ang pagiging bukas palad? Sa pamamagitan ng:
   A. pagtulong na may kapalit
   B. pagtulong upang papurihan
   C. pagtupad sa mga tungkulin at gawaing panlipunan
   D. pagpapatuloy sa kanilang mga tahanan para sa mga naaapektuhan ng pagbaha at mga sakuna

4. Bakit mahalaga ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan?
   A. upang matanggap sa lipunang kinabibilangan
   B. dahil ito ay maipagmamalaking katangian bilang Pilipino
   C. upang kilalanin, papurihan at maging maimpluwensiyang tao sa lipunan
   D. dahil ito ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan

5. Alin sa sumusunod na gawain ng pamilya ang higit na makatutulong sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
   A. magiliw na pagtanggap sa mga panauhin
   B. kusang pagbibigay ng pagkain sa batang umiiyak
   C. pagboboluntaryong tumulong sa nasalanta ng bagyo
   D. aktibong pamumuno sa isang asosasyong pangkabataan

6. Alin sa sumusunod na gampaning pampolitikal ng pamilya ang higit na makatutulong sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
   A. pagsunod sa batas trapiko
   B. pagtawid sa tamang tawiran
   C. pagsakay sa tamang sakayan
   D. pagsunod sa mga ordinansa at batas

7. Kung ang bawat pamilya ng isang lipunan ay walang pagkakaisa, ano ang magiging epekto nito sa pamayanan?
   A. mabagal ang pag-unlad
   B. walang pag-unlad sa sarili
   C. maging maunlad ang pamayanan
   D. makabubuo ng matiwasay na pagsasama

8. Si Mac ay hindi nakatamasa ng pag-aaruga at pagdidisiplina ng magulang dahil bata pa lang ito ay iniwan na at pagnanakaw ang naging paraan nito upang mabuhay. Ano ang magiging implikasyon ng sitwasyong ito sa lipunan?
   A. Si Mac ay may malaking kontribusyon sa pagpapaunlad ng bansa.
   B. Ang sitwasyong kinalalagyan ni Mac ay nagtulak na gumawa ng masama.
   C. Nakatutulong ang magulang ni Mac sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan.
   D. Ang pagtakas sa responsibilidad ng magulang ay maaaring magdulot ng suliraning panlipunan.

9. Sinabi ni Jazz sa kaibigang si Gie na ipinagbili niya ang kanyang boto sa halagang dalawang daang piso kaya napagsabihan niya ito na huwag ipagpalit sa anumang halaga ang dignidad bilang tao. Anong pananagutan ang ipinamalas ni Gie sa sitwasyon?
   A. gampaning panlipunan
   B. gampaning panghalalan
   C. gampaning pampolitikal
   D. gampaning panlipunan at pampolitikal

10. Alin sa mga sumusunod na gawain ang makapagpapabuti sa sarili at sa lipunan?
   A. Hindi nakikiisa si Adeth sa mga boluntaryong gawain.
   B. Iniisip lamang ni Arman ang pansariling kapakanan.
   C. Nakikiisa sa mga proyektong inilunsad pamahalaan ang pamilyang Herald.
   D. Nagbibingi-bingihan lamang si Perto at nagpanggap na walang alam sa isyung pinag-uusapam.

11. Alin sa sumusunod na parirala ang tama tungkol sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
    A. mapagkawanggawa
    B. matapat na kapitbahay
    C. pagsasakripisyo sa sarili
    D. lubos na mananampalataya

12. Nag-*post* si Kimmie sa *social media* ng kanyang larawan at makaraan ang isang minuto ay bumuhos na ang samu't saring pambubulas. Kasama na rito ang kanyang kaibigang si Rie. Pinagsabihan ito at pinabura ng kanyang ate ang komento. Anong papel pampolitikal ang nilabag ni Rie?
    A. karapatang magpakasal
    B. katarungang panlipunan
    C. karapatang pangkalikasan
    D. karapatang maipahayag ang paniniwala at sarili

13. Napansin ng guro ni Mayo na tanging siya lang ang nakasunod sa tamang paraan ng pagtatapon ng basura. Kaya, tinanong siya nito kung bakit nagawa niya ito nang tama. "Tinuro kasi ito sa amin ni Nanang at Tatang" sagot ni Mayo. Ano ang mahihinuha sa sagot ni Mayo?
    A. Ang batang mabait ay magaling sumagot.
    B. Ang kaniyang magulang ay mga basurero.
    C. Sa pamilya nahuhubog ang mga pagpapahalagang dapat matutuhan ng isang bata.
    D. Ang magulang na nagtuturo nang tama sa anak ay magkakaroon ng mabubuting anak.

14. Bakit kailangang bantayan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya?
    A. dahil ligtas ang may alam
    B. dahil baka agawin ito ng iba
    C. dahil hindi ligtas ang komunidad
    D. dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon

15. Alin sa mga sitwasyong ito ang nagpapamalas ng isang pamilyang makabubuo ng mapagmahal na lipunan?
    A. pagmamalupit sa mga kapus-palad
    B. pambubuska sa mga pulubi sa halip na tumulong
    C. pagbubulag-bulagan sa nakitang babaeng hinablutan ng bag
    D. pagiging aktibo sa asosasyong naglalayon ng pangangalaga sa kalikasan

# Aralin 1 Pananagutang Panlipunan at Pampolitikal ng Pamilya

*“Ang maayos na komunidad ay binubuo ng mabubuting mamamayan na hinubog sa mabuting gawi”*

*-Anonymous*




## *Balikan*

Ngayon, may inihanda akong gawain hinggil sa nakaraang modyul bilang tanda na may lubos kang pagkatuto sa nakaraang aralin. Alam kong kayang-kaya mo ito kaibigan! Ngayon pa lang binabati na kita.

**Gawain 1: Isip ko, Palalawakin ko!**

Panuto: Gamit ang *Graphic Organizer* sa ibaba, itala ang mga tungkulin ng isang mamamayan sa kanyang lipunan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.





***Mga Tala para sa Guro***

Kung matagumpay na naisagawa ng bata ang gawaing nasa ***Balikan*** ay hayaan siyang magpatuloy sa kasunod na gawain. Kung hindi naman, pabalikan ang sinundang modyul.



## *Tuklasin*

**Gawain 2: Mag-anihan Tayo!**

Panuto: Ibigay ang bungang aanihin kung ang itinanim ay pagmamalasakit, pagbabayanihan, pagkamasunurin, at pagtaguyod sa karapatang pantao.



1. Pagmamalasakit



2. Pagbabayanihan



3. Pagiging Masunurin



4. Pagtaguyod sa Karapatang Pantao

# *Suriin*

Sa bahaging ***Tuklasin*** ay natataya mo ang sariling kaalaman tungkol sa maaaring ibubunga ng pagkakaroon o pagpapalaganap ng pagmamalasakit, pagbabayanihan, pagiging masunurin, at pagtataguyod sa karapatang pantao. Kung susuriin natin nang mabuti ang lahat ng ito ay iilan lamang sa mga salik o paraan sa pagbuo ng isang mapagmahal na pamayanan.

Ang pagmamahal ay nagsisimula sa tahanan at napapalaganap sa pamayanan. Tulad na lamang ng pagtuturo at pagpapakita ng mga magulang na maging bukas-palad ang isang bata sa kanyang mga kapatid ay maghihikayat sa kanya na maging matulungin sa mga taong nangangailangan sa kanyang pamayanan. Ito ay palatandaan ng isang pamilya na may pananagutan sa kapuwa na tinitiyak ang kapakanan ng bawat miyembro ng pamayanan. Sa simpleng gawaing ito, nalilinang ang pagiging mapagmalasakit at kabayanihan ng isang bata. Kapag maayos ang paglinang ng pagpapahalagang ito, maipapamalas din ng bata ang pagmamalasakit hindi lamang sa kanyang kapuwa-tao kung hindi maging sa kanyang kapaligirang tinitirhan. Ito ay papel na panlipunan ng pamilya.

Bunga nito, nakabubuo siya ng mga hakbang upang maisabuhay ang pagpapahalagang ito. Maaari siyang manguna sa mga gawain o magsulong ng mga batas hinggil sa kaayusan, karapatang pantao at pangangalaga sa kapaligiran. Ang kanyang pakilalahok sa isyung politikal ay nagpapahiwatig na maayos ang pagkahubog sa kanyang pagkatao ng kanyang pamilya.


Ngunit minsan ay nakalilimutan natin ang kanya-kanyang responsibilidad kung kaya tayo ay napapariwara at nalilihis sa tamang daan. Gayunpaman, nariyan ang batas ng lipunan na siyang gumagabay sa bawat kilos at gawi ng tao. Kinakailangang palaganapin din natin ang kamalayan ng bawat isa tungkol sa papel pampolitikal at panlipunan. Dapat pag-ibayuhin ng pamilya ang pangangalaga at pagpatitibay sa gampaning pampolitikal at panlipunan upang mapaunlad at maging aktibong mamamayan. Halimbawa, sa panahon ng pandemic, isa sa mga *protocols* ng DOH ay ipagbigay-alam sa kinauukulan ang mga taong may *travel history* sa mga lugar na may COVID 19 ay nagawa pang magsinungaling. Bilang mamamayan, dapat maging mulat tayo sa sinumang nakalabag sa batas na ito.

Dagdag pa rito, sa oras ng sakuna ang anak na *rescuer* ay hindi lamang nakatuon sa pagligtas ng sariling pamilya kung hindi isinasaalang-alang din ang kaligtasan ng iba. Nagpapahiwatig lang ito na dapat mangibabaw rin ang pagmamahal sa kapuwa dahil ito ay pagtugon sa tawag ng tungkulin sa lipunan. Gagawin natin ito upang mapangalagaan at manatiling ligtas ang pamayanan sa anumang banta ng *virus*.

Nangangahulugan lamang ito na malaki ang papel ng pamilya sa pagbuo ng isang mapagmahal na lipunan. Nakaatang sa mga balikat ng bawat miyembro nito

ang pananagutan upang matiyak na maging maayos at handa ang ating lipunan laban sa maraming banta ng makabagong panahon.

Pakaingatan natin ang ating pamilya sapagkat kapag ito ay nasira, maglalaho rin ang kahulugan ng moralidad ng ating lipunan. Maging mapanagutan hindi lamang sa ating pamilya kung hindi maging sa kapuwa upang makabuo tayo ng isang malago, mapagmahal at maunlad na bayan.



## *Pagyamanin*

### Gawain 3: Hinuha, Ugnayan!

Panuto: Unawain nang mabuti ang mga nakalahad na pananagutan ng pamilya na nasa Hanay A at iugnay ito sa pahayag na nasa Hanay B kung sa tingin mo na ito ang maging kalalabasan kapag matagumpay na maisagawa ang mga nabanggit na pananagutan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| 1. Pagpapalaki sa mga anak na puno ng pagmamahal. | A. Boluntaryong pakikiisa ng kabataan sa anumang programang pangkalikasan. |
| 2. Pagturo ng magulang sa dalawang anak na maging mapagbigay sa isa't isa. | B. Kabataang may respeto sa nakatatanda, awtoridad ng lipunan at marunong sumunod sa batas. |
| 3. Pamilyang humihikayat sa bawat miyembro na maglahad ng opinyon para masolusyunan ang isang problema. | C. Lumaking bukas-palad para sa mga nangangailangan at tumulong na walang hinihintay na kapalit. |
| 4. Pagturo ng magandang asal sa mga anak at pagbigay ng tamang paggabay. | D. Anak na hindi natatakot maglahad ng suhestiyon sa isang pagpupulong sa kanilang komunidad tungkol sa pagsugpo ng ipinagbabawal na gamot. |
| 5. Pagturo ng kahalagahan sa pagkakaroon ng kalinisan o malinis, maayos at masaganang kapaligiran | E. Kabataang may malasakit sa kapwa at may takot na gumawa ng ikasisira ng kanyang kapwa o lipunang ginagalawan. |

**Sagutin:**

1. Paano nakatutulong sa lipunan ang pagganap sa mga pananagutang panlipunan at pampolitikal ng isang pamilya?

**RUBRIKS SA PAGSAGOT NG TANONG**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (7 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng sagot | Nasagutan nang tama ang tanong at nakapaglalahad ng halimbawa sa pagpapaliwanag. | Nasagutan nang tama ang tanong bagaman hindi gaanong naipapaliwanag nang may halimbawa. | May sagot sa tanong bagaman malayo sa konseptong hinihingi ang halimbawa at pagpapaliwanag. |

## Gawain 4: Dugtungan Mo!

Basahin ang mga sumusunod na pahayag at dugtungan ng naaayon na kaisipan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Nararapat na manguna ang pamilya sa pagtiyak ng mga batas at mga institusyong panlipunan upang ________________________________________.
2. Nagagampanan ng pamilya ang kaniyang tungkulin na panatilihin ang matiwasay na lipunan sa pamamagitan ng ______________________________.
3. Ang magandang ugnayan sa pagitan ng mga kasapi ng pamilya ay dapat na pangibabawan ng ____________________________________________________.
4. Hindi positibo ang pagiging labis na makapamilya dahil ____________________.


**RUBRIKS SA DUGTUNGAN NG IDEYA**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (7 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos)** |
|---|---|---|---|
| Nilalaman ng sagot | Lahat ng parirala ay nadugtungan at nasagutan nang tama. | Mayroong dalawang parirala na nadugtungan at nasagutan nang tama. | Mayroong isang parirala na nadugtungan at nasagutan nang tama. |


## Gawain 5: Pag-analisa sa Larawan!

Magbigay ng hinuha kung ano ang maibubunga ng kilos na ipinakita sa larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1



2





**RUBRIKS SA PAG-ANALISA NG LARAWAN**


| Pamantayan | Napakahusay (10 puntos) | Mahusay (7 puntos) | Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos) |
|---|---|---|---|
| **Kaangkupan ng sagot** | Angkop ang hinuhang inilalahad ukol sa magiging bunga ng kilos na ipinakita sa dalawang larawan. | Hindi gaanong angkop ang hinuhang inilalahad ukol sa magiging bunga ng kilos na ipinakita sa dalawang larawan. | May hinuhang nailalahad bagaman hindi angkop sa magiging bunga ng kilos na ipinapakita ng larawan. |
| **Kayusan sa Paglalahad.** | Maayos na nailalahad ang hinuha. | Hindi gaanong maayos na nailalahad ang hinuha. | Walang kaayusan ang pagkakalahad ng hinuha. |
| Kabuuang Puntos = 20 | | | |

## *Isaisip*

### Gawain 6: Suri-Larawan!


Batay sa larawan magbigay ng hinuha kung ano ang pananagutan ng pamilya sa lipunan at pulitikal. Isulat ang sagot sa sagutang papel.




**RUBRIKS SA PAGSUSURI NG LARAWAN**

| **Pamantayan** | **Napakahusay (10 puntos)** | **Mahusay (7 puntos)** | **Nangangailangan ng Pag-unlad (4 puntos)** |
| --- | --- | --- | --- |
| **Kaangkupan ng sagot** | Angkop ang hinuhang nailalahad sa dalawang larawan ukol sa pananagutang panlipunan at pampulitikal ng pamilya. | Hindi gaanong ngkop ang hinuhang nailalahad sa dalawang larawan ukol sa pananagutang panlipunan at pampolitikal ng pamilya. | May hinuhang nailalahad sa mga larawan bagaman hindi angkop sa sa pananagutang panlipunan at pampolitikal ng pamilya. |
| **Kayusan sa Paglalahad.** | Maayos na nailalahad ang hinuha. | Hindi gaanong maayos na nailalahad ang hinuha. | Walang kaayusan ang pagkakalahad ng hinuha. |
| Kabuuang Puntos = 20 | | | |



## *Isagawa*

### Gawain 7: Kahalagahan, Naunawaan Ko!

Sumulat ng isang tekstong naglalahad sa iyong pag-unawa sa kahalagahan ng pagganap ng pamilya sa kani-kanilang pananagutan sa ating lipunan. Gawing gabay ang pamantayan sa pagmamarka. Isulat ang teksto sa sagutang papel.

**RUBRIKS SA PAGSULAT NG TEKSTONG NAGLALAHAD**

| Krayterya | Higit na inaasahan (10 puntos) | Nakamit ang inaasahan (8 puntos) | Bahagyang nakamit ang inaasahan (3 puntos) | Hindi nakamit ang inaasahan (2 puntos) |
|---|---|---|---|---|
| **Nilalaman** | Komprehensibo ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon | Kumpleto ang nilalaman ng teksto. Wasto ang lahat ng impormasyon | May ilang kakulangan sa nilalaman ng teksto. May ilang maling impormasyon | Maraming kakulangan sa nilalaman ng teksto. |
| **Organisasyon ng mga kaisipan** | Organisado at may malinaw na kaisahan ang daloy ng paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Malinaw at maayos ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Hindi masyadong maayos at malinaw ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. | Walang kaayusan ang paglalahad ng kaisipan sa teksto. |
| Kabuuang Puntos = 20 | | | | |



## *Tayahin*

Maraming Pagpipilian

Basahing mabuti ang bawat tanong o sitwasyon at piliin ang tamang sagot. Titik lamang ang isulat sa sagutang papel.

1. Alin sa mga sumusunod na parirala ang tama tungkol sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
    - A. mapagkawanggawa
    - B. matapat na kapitbahay
    - C. pagsasakripisyo sa sarili
    - D. lubos na mananampalataya

2. Nag-post si Kimmie sa social media ng kanyang larawan at makaraan ang isang minuto ay bumuhos na ang samu't saring pambubulas. Kasama na rito ang kanyang kaibigang si Rie. Pinagsabihan ito at pinabura ng kanyang ate ang komento. Anong papel pampulitikal ang nilabag ni Rie?
    - A. karapatang magpakasal
    - B. katarungang panlipunan
    - C. karapatang pangkalikasan
    - D. karapatang maipahayag ang paniniwala at sarili

3. Napansin ng guro ni Mayo na tanging siya lang ang nakasunod sa tamang paraan ng pagtatapon ng basura. Kaya, tinanong siya nito kung bakit nagawa niya ito nang tama. "Tinuro kasi ito sa amin ni Nanang at Tatang" sagot ni Mayo. Ano ang mahihinuha sa sagot ni Mayo?
    - A. Ang batang mabait ay magaling sumagot.
    - B. Ang kaniyang magulang ay mga basurero.
    - C. Sa pamilya nahuhubog ang mga pagpapahalagang dapat matutuhan ng isang bata.
    - D. Ang magulang na nagtuturo nang tama sa anak ay magkakaroon ng mabubuting anak.

4. Bakit kailangang bantayan ang mga karapatan at tungkulin ng pamilya?
    - A. dahil ligtas ang may alam
    - B. dahil baka agawin ito ng iba
    - C. dahil hindi ligtas ang komunidad
    - D. dahil maraming banta sa integridad ng pamilya sa makabagong panahon

5. Alin sa mga sitwasyong ito ang nagpapamalas ng isang pamilyang makabubuo ng mapagmahal na lipunan?
   A. pagmamalupit sa mga kapus-palad
   B. pambubuska sa mga pulubi sa halip na tumulong
   C. pagbubulag-bulagan sa nakitang babaeng hinablutan ng bag
   D. pagiging aktibo sa asosasyong naglalayon ng pangangalaga sa kalikasan

6. Ano ang pangunahing kontribusyon ng pamilya sa lipunan?
   A. pananampalataya
   B. pagbibigay galang
   C. pakikibahagi at pagbibigayan
   D. isipin ang pansariling kapakanan

7. Bakit kailangan ng pamilya ang makipag-ugnayan sa ibang pamilya at sa iba pang sektor ng lipunan?
   A. upang magparami
   B. upang hihingi ng tulong
   C. upang umunlad ang buhay
   D. upang mapadali ang buhay

8. Paano maipakikita ng pamilya ang pagiging bukas palad? Sa pamamagitan ng:
   A. pagtulong na may kapalit
   B. pagtulong upang papurihan
   C. pagtupad sa mga tungkulin at gawaing panlipunan
   D. pagpapatuloy sa kanilang mga tahanan para sa mga naaapektuhan ng pagbaha at mga sakuna

9. Bakit mahalaga ang pagtulong ng pamilya sa pamayanan?
   A. upang matanggap sa lipunang kinabibilangan
   B. dahil ito ay maipagmamalaking katangian bilang Pilipino
   C. upang kilalanin, papurihan at maging maimpluwensiyang tao sa lipunan
   D. dahil ito ay paraan upang maisabuhay ang mga pagpapahalaga at birtud na itinuturo at natututuhan sa loob ng tahanan

10. Alin sa sumusunod na gawain ng pamilya ang higit na makatutulong sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
   A. magiliw na pagtanggap sa mga panauhin
   B. kusang pagbibigay ng pagkain sa batang umiiyak
   C. pagboboluntaryong tumulong sa nasalanta ng bagyo
   D. aktibong pamumuno sa isang asosasyong pangkabataan

11. Alin sa mga sumusunod na gampaning pampolitikal ng pamilya ang higit na makatutulong sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan?
    A. pagsunod sa batas trapiko
    B. pagtawid sa tamang tawiran
    C. pagsakay sa tamang sakayan
    D. pagsunod sa mga ordinansa at batas

12. Kung ang bawat pamilya ng isang lipunan ay walang pagkakaisa, ano ang magiging epekto nito sa pamayanan?
    A. mabagal ang pag-unlad
    B. walang pag-unlad sa sarili
    C. maging maunlad ang pamayanan
    D. makabubuo ng matiwasay na pagsasama

13. Si Mac ay hindi nakatamasa ng pag-aaruga at pagdidisiplina ng magulang dahil bata pa lang ito ay iniwan na at pagnanakaw ang naging paraan nito upang mabuhay. Ano ang magiging implikasyon ng sitwasyong ito sa lipunan?
    A. Si Mac ay may malaking kontribusyon sa pagpapaunlad ng bansa.
    B. Ang sitwasyong kinalalagyan ni Mac ay nagtulak na gumawa ng masama.
    C. Nakatutulong ang magulang ni Mac sa pagbuo ng mapagmahal na pamayanan.
    D. Ang pagtakas sa responsibilidad ng magulang ay maaaring magdulot ng suliraning panlipunan.

14. Sinabi ni Jazz sa kaibigang si Gie na ipinagbili niya ang kanyang boto sa halagang dalawang daang piso kaya napagsabihan niya ito na huwag ipagpalit sa anumang halaga ang dignidad bilang tao. Anong pananagutan ang ipinamalas ni Gie sa sitwasyon?
    A. gampaning panlipunan
    B. gampaning panghalalan
    C. gampaning pampolitikal
    D. gampaning panlipunan at pampolitikal


15. Alin sa mga sumusunod na gawain ang makapagpapabuti sa sarili at sa lipunan?
    A. Hindi nakikiisa si Adeth sa mga boluntaryong gawain.
    B. Iniisip lamang ni Arman ang pansariling kapakanan.
    C. Nakikiisa sa mga proyektong inilunsad pamahalaan ang pamilyang Herald.
    D. Nagbibingi-bingihan lamang si Perto at nagpanggap na walang alam sa isyung pinag-uusapam.

# *Karagdagang Gawain*

**Gawain 8: Sulat Pangako!**


Basahin at unawain ang sitwasyon. Ibigay ang hinihingi sa talahanayan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Sitwasyon. Ngayon, mayroon ka nang pag-unawa sa kahalagahan ng pagganap sa pananagutan ng pamilya. Bilang isang kabataan, ano ang pananagutan pampulitikal at panlipunan ang maipapangako mong gagampanan? Ilahad din ang iyong paraan para mapanindigan ang pangakong ito.



**RUBRIKS SA PAGSULAT NG PANGAKO**

| Krayterya | Higit na inaasahan (10 puntos) | Nakamit ang inaasahan (8 puntos) | Bahagyang nakamit ang inaasahan (3 puntos) |
|---|---|---|---|
| **Pagkalahad ng Pangako** | Maayos na nailalahad ang pangako. Naipapahayag ito nang may pagsisikap na matamo. | Hindi gaanong maayos na nailalahad ang pangako. Naipapahayag ito nang may pagsisikap na matamo. | Hindi maayos na nailalahad ang pangako. Naipapahayag ito nang walang pagsisikap na matamo. |



# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. C
2. C
3. D
4. D
5. C
6. D
7. A
8. D
9. D
10. C
11. A
12. D
13. C
14. D
15. C

**BALIKAN**

Gawain 1

Panlipunan

- pangalagaan ang kalikasan
- mahalin ang kapwa
- pagtulong sa kapa
- pakikiisa sa bayanihan
- pakikiisa sa gawaing pangkalinisan

Pulitikal

- pagsunod sa batas trapiko
- Pangangalaga sa sariling karapatan bilang tao
- paggalang sa karapatan ng iba
- pag-aaruga sa kabataan at matatanda
- Pagsunod sa batas na ipinapatupad

**PAGYAMANIN**

Gawain 3

1. E
2. C
3. D
4. B
5. A

**TAYAHIN**

1. A
2. D
3. C
4. D
5. D
6. C
7. C
8. D
9. D
10. C
11. D
12. A
13. D
14. D
15. C

# *Sanggunian*


**Aklat**

Bognot, Regina et.Al. 2014. *Edukasyon sa Pagpapakatao Modyul para sa mag-aaral.* 5th Floor Mabini Building. Meralco Avenue, Pasig City.

Le Poire, Beth A. "Family Communication Nurturing and Control in Changing World." In *Family Communication Nurturing and Control in Changing World*. Sage Publications,Inc., 2005.

**Hanguang Elektroniko**

Cindy Horst, Marta Bivand Erdal, Noor Jdid. "The “good citizen”: asserting and contesting norms of part participation and belonging in Oslo." *Routledge Taylor & Francis Group* (Informa UK Limited,trading as Taylor & Francis Group) 43 (October 2019): 76-95.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph